

Tungkol sa pagpapa-enrol ng mga dayuhan sa mga pampublikong elementarya at junior high school

* Ilan sa mga destinasyon ng URL link ay tumutugon lamang sa wikang Hapon.

Tungkol sa compulsory education system ng Japan

Mga pangunahing paaralan

Kung ang mga dayuhang bata ay nagnanais din na mag-enrol sa isang pampublikong elementarya / junior high school, sila ay tatanggapin nang walang bayad kagaya ng mga batang Hapon, at ang pagkakataon na makatanggap sila ng parehong edukasyon gaya ng mga Hapon ay ginagarantiyahan.

Sa Japan, maaaring mag-enrol sa elementarya sa unang Abril pagkatapos na umabot sa edad na 6 na taong gulang, at tatanggap ng 6 na taong edukasyon. Kapag nakatapos ng elementarya, maaaring makapasok sa junior high school at makatanggap ng 3 taong edukasyon.

<Paghahambing ng compulsory education system ng Japan sa 5 pangunahing mga bansa na marami ang mga residente sa metropolitan area>

Bansa	Japan	Tsina	Korea	Vietnam	Pilipinas	Nepal
Grade level	Abril	Setyembre	Marso	Setyembre	Hunyo	Abril
edad 5	Elementarya (6 taon)	Elementarya (6 taon)	Primary School (6 taon)	Primary School (5 taon)	Primary School (6 taon)	Primary School (5 taon)
6						
7						
8						
9						
10	Junior high school (3 taon)	Primary junior high school (3-4 na taon)	Junior high school (3 taon)	Lower secondary school (4 taon)	Early secondary school (4 taon)	Early term secondary school (3 taon)
11						
12						
13						
14	High school, atbp.	Higher junior high school	Karaniwan / pagtatrabaho high school	Higher secondary school	Last term secondary school (2 taon)	Middle term secondary school (2 taon)
15						
16						
17						
18						
19	Unibersidad, vocational school, atbp.	Unibersidad, technical school	Unibersidad, vocational college	Unibersidad, junior college	Unibersidad / technical college, institusyong pang-edukasyon matapos ang secondary school	Unibersidad
5						

* Source: [Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology \(sistemang pampaaralan ng daigdig\)](#)

* Ang may kulay na bahagi ay compulsory education.

Mayroon ding paaralan (special education school) para sa mga may kapansanang bata / estudyante.

Para sa mga detalye, tingnan ang homepage ng [Tokyo Metropolitan Board of Education \(listahan ng mga special education school\)](#).

Gayundin, bukod sa mga pampublikong paaralan, mayroon ding mga gaya ng international school.

Ang isang buong taon ng paaralan

Magsisimula ang paaralan sa Abril.

	Marso	Abril	Mayo	Hunyo	Hulyo	Agosto	Setyembre	Oktubre	Nobyembre	Disyembre	Enero	Pebrero	Marso	Abril
3 sem system	Spring vacation	1st semester			Summer vacation	2nd semester				Winter vacation	3rd semester		Spring vacation	
2 sem system	Spring vacation	1st semester			Summer vacation	1st semester		2nd semester		Winter vacation	2nd semester		Spring vacation	

May mga paraalan na hinahati sa 2 semestre ang 1 taon at mayroong mga paaralan na hinahati sa 3 semestre ang 1 taon.

Tuition fee, atbp., sa mga pampublikong elementarya / junior high school

Libre ang bayad sa mga klase / textbook. Ilang mga bagay gaya ng school supplies (mga gamit sa pagtuturo sa paaralan) ay may bayad.

Kung nahihirapang pumasok sa paaralan dahil sa problema sa pera, maaaring makakuha ng tulong gaya ng perang pambili ng school supplies.

Para sa mga detalye, tingnan ang homepage ng [Tokyo Metropolitan Board of Education \(tulong sa pagpasok sa paaralan\)](#) at ang homepage ng [Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology \(tulong sa pagpasok sa paaralan\)](#).

Evening classes sa mga pampublikong junior high school

Tumatanggap kami ng mga konsultasyon sa pagpasok sa paaralan para sa mga hindi nakatapos ng compulsory education o hindi lubusang nakapag-aral sa junior high school.

Sa Tokyo, 8 mga junior high school ang may evening classes.

Para sa mga detalye, tingnan ang homepage ng [Tokyo Metropolitan Board of Education \(evening classes sa mga pampublikong junior high school\)](#).

High school entrance exam

Binibigyan ng espesyal na konsiderasyon ang mga balikbayang estudyante / dayuhang estudyante, sa pamamagitan ng gaya ng "pagpipili sa mga dayuhang estudyanteng naninirahan sa kabisera".

Para sa mga detalye, tingnan ang homepage ng [Tokyo Metropolitan Board of Education \(Tokyo Metropolitan High School\)](#).

Tungkol sa mga dayuhang magpapa-enrol sa paaralan

Proseso sa opisina ng gobyerno

Ang mga magulang ng mga dayuhang bata / estudyante ay dapat munang kumpletuhin ang mga proseso sa opisina ng munisipyo kung saan sila nakatira.

Ang mga proseso ay tinatanggap anumang oras.

[Narito ang reception desk ng munisipyo](#)

Link para sa mga magulang (guardian)

Konsultasyong pang-edukasyon

- [Education Consultation Center](#)

(1) Hotline ng pangkalahatang konsultasyong pang-edukasyon / konsultasyon para sa bullying

Telepono: 0120-53-8288 (24 oras, 365 araw : libre)

*Karaniwan itong tumutugon sa wikang Hapon

(2) Pangkalahatang konsultasyong pang-edukasyon

Weekdays (Lunes hanggang Biyernes): 9:00 am hanggang 6:00 pm

Ika-3 Sabado ng bawat buwan: 9am hanggang 5pm

Kung pupunta sa consultation center para kumonsulta, magpareserba sa pamamagitan ng telepono.

Tel: 0120-53-8288

* Para sa mga konsultasyon sa pamamagitan ng isang interpreter para sa mga dayuhang bata / tatahaking landas para sa mga estudyanteng high school, atbp. / pang-edukasyon, tuwing Biyernes mula 1:00 pm hanggang 5 pm (tumatanggap hanggang 4 pm)

* Mga sinusuportahang wika: Japanese, English, Chinese, South Korean / North Korean

Tulong sa pang-araw-araw na pamumuhay

- ["Life in Tokyo: Your Guide"](#) (Tokyo Metropolitan Bureau of Life and Culture)

Ito ay isang buklet ng mga impormasyon para sa pang-araw-araw na pamumuhay na nakatuon sa mga dayuhang magsisimula ng kanilang pamumuhay sa Tokyo sa unang pagkakataon.

Mga sinusuportahang wika: Japanese, English, Chinese, South Korean / North Korean

- [Portal site ng tulong sa pamumuhay ng mga dayuhan](#) (Ministry of Justice, Immigration Bureau of Japan)

Ito ay isang portal site na naglalaman ng iba't-ibang impormasyong kailangan para sa paninirahan sa Japan.

Mga sinusuportahang wika: Japanese, easy Japanese, English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Vietnamese, Nepali, Thai, Indonesian, Myanmar, Khmer (Cambodia), Filipino, Mongolian

Link para sa Board of Education ng munisipalidad

Pagtanggap ng mga dayuhang bata

- [Guidebook para sa pagpapa-enrol sa paaralan ng mga dayuhang batang estudyante](#) (Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology)

Gabay sa pagpapa-enrol sa mga paaralan ng Japan sa iba't-ibang wika.

Mga sinusuportahang wika: English, Korean, Vietnamese, Filipino, Chinese, Portuguese, Spanish

- [Proseso sa pagtanggap ng mga dayuhang batang estudyante](#) (Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology)

Ito ay materyal para sa maayos na pagtanggap ng mga dayuhang batang estudyante sa mga pampublikong paaralan.

- [CASTA-NET](#) (Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology)

Ito ay isang site para sa paghahanap ng mga impormasyon tungkol sa pag-suporta sa pag-aaral ng mga bata / estudyante na konektado sa mga dayuhang bansa.

Pagtuturo sa wikang Hapon

- [Handbook sa Pagtuturo sa Wikang Hapon](#) (Tokyo Metropolitan Board of Education)

Ito ay isang Japanese textbook para sa mga dayuhang bata / estudyante na nangangailangan ng pagtuturo sa wikang Hapon.

- [Textbook na nasa wikang Hapon para sa mga dayuhang bata / estudyante "School is Fun"](#) (Tokyo Metropolitan Board of Education)

Ito ay isang textbook na tumutugon sa iba't-ibang wika para sa pagpapabuti ng pagtuturo sa wikang Hapon / pag-a-angkop ng pagtuturo sa buhay estudyante ng mga dayuhang bata / estudyante na nangangailangan ng pagtuturo sa wikang Hapon.

Mga sinusuportahang wika: Chinese, Filipino, South Korean / North Korean, English, Spanish, Thai, Portuguese, Burmese, Vietnamese, Mongolian, Russian, Persian, Arabic, French, Lao, Romanian, Nepali, Bengali, Hindi, Indonesian, Turkish, Sinhala